タガログ語

# Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center（GIC）

International Exchange at Multicultural Magazine

GIFU INTERNATIONAL CENTER

2024 Nobyembre No.160



© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモ ＃ 0195

## Mga bansa at rehiyong na may magandang relasyon sa Gifu Prefecture ay Nakibahagi sa 'Seiryu no Kuni Gifu' Cultural Festival 2024

Simula noong Oktubre 14, ang "Seiryu no Kuni" Culture festival 2024 ("39th National Culture festival" at "24th National Arts and Cultural Festival for Persons with Disabilities") ay ipinagdiwang, kung saan nakibahagi ang mga delegasyon mula sa mga kaibigang rehiyon ng Silesian Province ng Poland, Lithuania, at Jiangxi Province ng China, kaya't ito ay naging malaking usapan.

### Silesian Voivodeship, Poland



Stage ng pag-awit at pagsasayaw ng「Slask」. Nagtapos ang kanilang pagtatanghal sa isang malaking palakpakan matapos kantahin ang “Jidai” (na isinulat at inawit ni Miyuki Nakajima).

Nag-umpisa ang ugnayan ng Gifu Prefecture at Poland noong 2021, nang pinili ng Polish canoe team ang Ena City bilang pre-training camp site para sa Tokyo Olympics, at dito nagsimula ang mga palitan sa pagitan ng dalawang prefecture. Sa festival na ito, nagperform ang Poland Folk Song at Dance Ensemble 'Silesian' sa Ena at Gifu City, at nagbigay din sila ng pagtatanghal sa opening ceremony.

Sa pagdiriwang ng kulturang ito, ang Polish National Folk Choral at Dance Troupe "Slask" ay gumanap sa mga lungsod ng Ena at Gifu, at nagpakita din sa opening ceremony.

### Lithuania

Ang Gifu Prefecture at Lithuania ay may ugnayan sa iba't ibang larangan, sa pamamagitan ng koneksyon kay Chiune Sugihara, ang diplomat na kilala sa pagbibigay ng 'Visas for Life,' at nagmula sa nasabing lalawigan.

Ngayong taon, ipinagdiriwang ang ikapitong pagkakataon ang event na "Lithuania NOW" na nagtataguyod ng kagandahan ng Lithuania, Nag-perform ng folk dance ensemble “Nemunas” ang Kaunas University of Technology sa Gifu City at Yaotsu Town at lumahok sa "International and Domestic Exchange Program".



Ang mga mag-aaral mula sa Yaotsu Elementary School ay nagkaroon din ng special appearance at sabay-sabay nilang inawit ang theme song ng school festival.

### China, Jiangxi Province



Ang Gifu Prefecture at Jiangxi Province ay nagkaroon ng ugnayan mula noong dekada 1980, nang bisitahin ng Japan-China Friendship Gifu Prefecture Parliamentary League ang Jiangxi. Mula nang kasunduan ng pagkakaibigan noong 1988, patuloy ang palitan simula sa lalawigan, siyudad, at pribadong sektor. Noong 2023, ipinagdiwang ang ika-35 anibersaryo nito.

Sa kaganapang pangkultura, isang puppet show ang isinagawa ng Jiangxi Provincial Art Troupe.

Apat na international exchange officer ang itinalaga sa Gifu International Center Prefectural Tourism and International Affairs Department.

## Avery Hodge (America)



Hello everyone! Ako si Avery, isang international exchange staff mula sa U.S. Mula August ng taong ito, nagtatrabaho ako sa International Exchange Division ng Gifu Prefecture at tumutulong sa mga international exchange events. Masayang-masaya ako araw-araw na makisali sa mga kultura ng Gifu Prefecture at sa mundo sa iba't ibang larangan ng aking trabaho.

Gusto kong ipakilala ang magandang kalikasan at tradisyunal na kultura ng Gifu sa buong mundo, at sana madagdagan ang pagkakataon ng mga tao dito na maranasan ang mga kultura ng ibang bansa. Maraming salamat.

## Pham Phuong Hien (Vietnam)



Xin chào!

Ako si Hien, isang international exchange staff mula sa Hanoi, Vietnam. Dumating ako sa Japan noong August at kasalukuyan akong nagtatrabaho sa Gifu International Exchange Center. Kinikilala ang Gifu ay na isang tahimik at masaganang lugar na puno ng kalikasan, kung saan mararamdaman ang seasonal changes. Kilala rin ito sa kasaysayan at kultura, lalo na sa mga handicraft, kaya interesado akong matutunan pa ang tungkol sa Gifu at Gusto kong gawin ang aking makakaya para maging interesado ang mga tao dito sa Gifu sa Vietnam. Maraming salamat!

## Belharat Manyl (France)



Bonjour! Nice to meet you! Ako si Manyl mula sa France. Mula August ng taon na ito, nagtatrabaho ako bilang international exchange staff sa Gifu Prefecture. Nag-aral ako ng Japanese sa Strasbourg University ng limang taon (tatlong taon sa undergraduate at dalawang taon naman sa master’s). Nag-aral na ako sa Doshisha University sa Kyoto at pangalawang beses ko na dito sa Japan. Natutuwa akong makatrabaho sa Gifu na mayaman sa magandang kalikasan at makasaysayang kultura.

Alam kong may kaalaman na kayo tungkol sa France, pero gusto kong ipakita sa inyo ang mga hindi inaasahang aspeto nito. Maraming salamat!

## Sandiford Ryan (America)




Hello everyone! Ako si Ryan, mula sa Amerika. Mula August, nagtatrabaho ako bilang international exchange staff sa Gifu Prefecture. Sa tourism department, nakikipagtulungan kami para i-promote ang Gifu sa mga foreign tourists. Ako ay may interesado na sa kulturang Japanese simula pagka bata. Mahilig akong mag-aral ng Japanese history at nag-practice ako ng kendo ng apat na taon. Nagsimula akong mag-aral ng Japanese sa high school at nag-major sa Japanese sa college. Nagpakasal ako noong April at kasalukuyan kaming sumasali sa JET program ng aking asawa. Nakapag-aral na ako sa Tokyo ng isang taon, pero first time ko sa Gifu, kaya excited na akong maranasan ang buhay dito. Maraming salamat!

Sa seksyon na ito, ipapakilala namin ang kasalukuyang populasyon ng mga banyagang residente sa Gifu Prefecture ayon sa pinagsamang impormasyon mula sa bansa at lokal na gobyerno.

# Kasalukuyan bilang ng mga dayuhang residente sa Prefecture at sa buong bansa.

〔Ministry of Justice "Statistics on Foreign Residents"〕

Sa katapusan ng Disyembre ng bawat taon




Dahil sa pagbabago ng Immigration Law noong 1989 (na sinimulang ipatupad noong 1990), na bigyan ng residency status na walang work restrictions para sa mga Nikkei at kanilang pamilya (hanggang sa 3rd generation at mga asawa nila), at sa pagsimula ng foreign trainee system, tumaas ang bilang ng mga dayuhan na naninirahan sa buonglungsod. Bagama't pansamantalang bumaba ang bilang dahil sa Lehman bankruptcy noong 2008 at sa epekto ng COVID-19 noong 2020-2021, patuloy itong tumaas sa pagbawi ng ekonomiya ng Japan at mga patakaran upang palawakin ang pagtanggap ng mga dayuhan, at umabot sa pinakamataas na record na humigit-kumulang 3.41 million sa katapusan noong 2023.

Sa probinsya naman, noong katapusan ng Disyembre noong 2023, umabot ito sa pinakamataas na bilang na 69,477. Sa hinaharap, dahil sa tumataas na demand para sa empleyo sa mga kumpanya at mga inisyatibo ng gobyerno para sa pag-accept ng foreign workforce at pagpapalawak ng employment opportunities para sa international students, inaasahang magpapatuloy ang pagtaas.

## Pagbuo ng Basic Policy for Active Participation of Foreigners and Multicultural Coexistence in Gifu Prefecture

Sa aming lalawigan, tinuturing ang mga dayuhan na nakatira dito bilang "mga mamamayang dayuhan" at layunin naming makabuo ng isang komunidad, at itaguyod ang maayos na komunikasyon habang iginagalang ang kultura at pananaw ng isa't isa. Nais naming makamit ang lahat ng residente ng prefecture ay maaaring magtrabaho at mamuhay nang kumportable, kaya't gumawa kami ng" Gifu Prefecture Basic Policy for Active Participation of Foreigners and Multicultural Coexistence "

Ang mga detalye ay matatagpuan sa website ng prefecture (https://www.pref.gifu.lg.jp/page/3558.html) .

**＜Policy Directions＞**

(1) Paglikha ng maayos na komunikasyon sa komunidad.
(2) Paglikha ng kapaligiran kung saan ang mga dayuhan ay maaring umunlad.
(3) Pagbuo ng Magandang kapaligiran para sa edukasyon ng mga bata.
(4) Pagsasaayos ng ligtas at maayos na kapaligiran para sa pamumuhay.

## GIC Information

Ang Gifu International Center , a.k.a (GIC), ay nagsisilbing sentro ng international exchange sa local na komunidad. Sa pamamagitan ng mga aktibidad ng international exchange na gumagamit ng mayamang kalikasan, kasaysayan, at iba pang resources ng Gifu Prefecture, layunin ng GIC na itaguyod ang isang multicultural at inclusive na lipunan habang pinapalakas ang pag-unawaan, pagkakaibigan, at mabuting Samahan kasama ang ibang mga bansa.

**Pagbuo ng Komunidad para sa Multicultural na Pagkakaisa**

- Suporta para sa Life Planning at Career Education ng mga anak ng dayuhan at mga Magulang.
- Pagbibigay ng Life Consultation mula sa mga Foreign Consultant at Konsultasyon kasama ang mga Eksperto tulad ng Administrative Scriveners.
- Suporta para sa Japanese language learning, training ng mga Japanese language support volunteers, at konsultasyon tungkol sa pag-aaral ng Japanese.
- Mga hakbang sa pag-iwas sa kalamidad para sa mga dayuhan.

**Paglikha ng isang kapaligiran para sa pagtataguyod ng Regional Internationalization**

- Information Sharing for Multicultural Coexistence: Multilingual Magazine "Sekai wa Hitotsu "
- Pagpapalaganap ng Pag-unawa sa Multicultural Coexistence (Language and Foreign Culture Courses).
- International Understanding Education (School Visits).
- International Exchange Events para sa mga Japanese at Foreign Residents.

**Pagtulong sa mga Aktibidad ng mga Volunteer at Pribadong Organisasyon**

- Pagtulong at Pagsasanay para sa boluntaryong interpreter ng medikal.
- Boluntaryong interpreter ng medical.
- Pagbuo ng support network para sa mga kalamidad.
- Pagbibigay ng tulong sa mga multicultural at international exchange organizations.
- Pag-rehistro ng mga boluntaryo at pagpapakilala ng mga volunteer sa mga local pamahalaan at organisasyon.

**【Pagtanggap ng mga Supporter Members】**

Kami ay tumatanggap ng mga indibidwal o organisasyon na suportahan ang aming mga aktibidad.

- Membership fee: ・Individual 3,000 yen per person
  ・Group 5,000 yen per group
- Mga benepisyo: Pagpapadala ng newsletter na "Sekai Wa Hitotsu," discount participation fee ng mga events at iba pa.

**【Hello Gifu · Hello World 2024】**

Ipapakilala namin ang musika at sayaw ng iba't-ibang bansa, pati na rin ang kanilang kultura at kasaysayan!

- Petsa：2024, Desyiembre 7（Sabado)
- Lugar：Minna no Mori Gifu Media Cosmos（Gifu-shi Tsukasa machi 40-5)
- Contact Information: Gifu International Exchange Association
  TEL：058-214-7703
  E-mail: giagia200711@yahoo.co.jp

**Tumatanggap kami ng iba't ibang konsultasyon, kaya't mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyong nakasulat sa ibaba.**


Pag-ayos・Isinagawa

**Gifu Prefecture International Exchange Center (GIC)**

**Gifu Prefecture Consultation Center for Foreign Residents**

**Gifu Prefectural Japanese Learning Support Center**

〒500-8875 Gifu Chunichi Building, 2F 1-12 Yanagase Dori

TEL:058-214-7700　FAX:058-263-8067

E-mail　gic@gic.or.jp　URL　https://www.gic.or.jp

Opening Hours: 9:30 AM – 6:00 PM (Sunday to Friday)

Closed: Saturdays, public holidays,
and year-end/new year holidays

Available Languages: English, Chinese, Portuguese, Tagalog,
Vietnamese, and more